

Minamahal na mga Pamilya at Kawani ng ASD,

Nagawa natin – dalawang linggo ng “paaralan sa bahay”! At ngayon ay malamang na alam niyo na na pinahaba ng Gobernador ang kasalukuyang pagsasara ng mga gusali ng paaralan hanggang sa pagtatapos ng paaralan. Para sa ASD, ang plano upang magpatuloy ang paaralan sa bahay, sa pamamagitan ng iba’t-ibang online o birtwal na mga aplikasyon pati na rin ang mas marami pang mga pakete ng tradisyonal na kurikulum gamit ang papel, ay mananatiling hindi magbabago hanggang matapos ang taon ng paaralan. Narinig ko ang napakaraming nakasisiglang mga halimbawa kung paano magkasama ang mga guro at mag-aaral upang birtwal na kumunekta at magpatuloy sa pag-aaral. Panatilihin ang inyong ginagawa! May mainam itong maidudulot!

Ang isang paraan upang tingnan itong pagpahaba ng pagsasara ng paaralan ay ang pagdagdag sa antas ng pagkakapareho at hindi pagbabago sa natitirang taon ng pag-aaral. Ang mga mag-aaral at guro ay hindi na magtitiis sa pagkagambala ng muling pagbubukas ng mga paaralan pagkatapos na hindi pagpasok ng halos na dalawang buwan. Sa halip, ang lahat ay nakatuon sa kasalukuyang plano ng pag-aaral at gawin ang pinakamabuti na maidudulot nito.

Ang utos ng Gobernador na magpatuloy ang pisikal na distansiya sa pakikipag-ugnayan o social distancing ay nangangahulugan din na ang mga seremonya ng pagtatapos, tulad ng alam natin, ay hindi magiging possible sa taong ito. Ang pamunuan ng ASD ay aktibong eksplorahin ang isang hanay ng mga opsyon upang parangalan ang ating mga magtatatapos na senior at upang mabigyan sila ng mga pagdiriwang na nararapat. Sa sandaling mayroon kaming mas kumpletong larawan nito, ibabahagi namin ang iba’t-ibang mga paraan upang parangalan natin ang kanilang kamangha-manghang nagawa.

Ang pandaigdigang pandemya ay sobrang binago ang ating kasalukuyang mundo. Gayunpaman, ang pagiging nasa sitwasyong ito ay nag-ugnay sa atin sa kabutihan ng iba at muling pinaalam sa atin ang kasimplehan ng buhay.

Sa nakaraan, marami ang nagbayad ng mga malalaking utang para sa ating kalayaan. Ngayon, ipinagmamalaki ko na tayo, ang ASD, ay kusang magpatuloy na magbayad ng mga sakripisyong iyon.

Taos puso,

Deena M. Bishop, Ed.D.
Superintendente